# THE TAMARAO JOURNAL


WHAT'S INSIDE?


3 ADS: LEGAL NOTICE



VOLUME 3 No. 36 | ISSN No. 2984-7249 | Jul. 15, 2024 - Jul. 21, 2024


# CITY GOVERNMENT OF CALAPAN AT SARILAYA, MAGKATUWANG SA PROGRAMANG PANGKALUSUGAN AT KALIKASAN



MATAGUMPAY na naisagawa sa Lungsod ng Calapan ang Soft Launching ng SARILINGAP Wellness Hub kasabay ng Ceremonial Planting of Medicinal Plants sa pagtutuwang ng SARILAYA at ng City Government of Calapan kasama ang iba't ibang PO's gaya ng Kalapenya at Solo Parents Federation na miyembro ng People's Council of Calapan City. Kabahagi rin dito ang Provincial Government of Oriental Mindoro at ilan pang NGO's tulad ng SALIKA at Philippine Rural Reconstruction Movement (PRRM).

Ang nasabing aktibidad ay ginanap sa Bulusan Natures Park noong nakalipas na Hulyo 8, 2024 na dinaluhan ng mga representante at miyembro ng mga naturang samahan gayundin ng miyembro ng Sangguniang Barangay na silang pilot beneficiaries ng proyekto na kinabibilangan ng mga Barangay ng Ilaya, Bulusan at Bondoc.

Ang mga Department Heads, Program Managers ng City Government of Calapan sa pangunguna ni City Administrator Ms. Penelope Belmonte, Ms. Ellaine Kris Diomampo, Special Assistant on Community Development, Mr. Jaypee Vega, Focal Person on Barangay Affairs and Sectoral Concerns, Former City Councilor Mylene De Jesus, Ms. Agatha Ilano mga BHW at BNS ay naroon din upang saksihan ang mahalagang kaganapan na tiyak na magbibigay ng positibong epekto sa buhay ng Calapeño.

Ang SARILINGAP Wellness Hub ay proyekto ng SARILAYA (Kasarian at Kalayaan Incorporated) sa ilalim ng SARIGINHAWA (Wellness) na ang layunin ay makapagbigay skills ng training for wellness and alternative modalities. Samantala, sa ilalim naman ng SARIBINHI (Agriculture) ay nakapaloob ang pagtatayo ng mga plant nursery at seed banking, isa na dito ang pagtatanim ng medicinal herbs.

Kabilang pa sa apat na components ng SARILINGAP ay ang SARI-UNLAND (Livelihood) na nakatuon sa economic aspect na kung saan ay dito naman papasok ang mga naging benipisyo mula sa SARIBINHI at SARIGINHAWA gaya ng planong pagtatayo ng proseso ng alternative health remedies mula sa itatanim na medicinal herbs sa lugar.

Ang SARIBUKLOD (Organizational Empowerment) naman ay ang organizing component na bumubuo ng local chapters ng SARILAYA, dahil sa maayos at organisado ang People's Council of Calapan City sa pamumuno ni PC3 President Ms. Doris Melgar, ay ito ang kinikilala bilang cooperator ng SARILINGAP sa lalawigan.

Ayon kay Ms. Myrna Jimenez ang inilunsad na programa ay tugon sa after pandemic recovery program na may pagsunod sa 'Traditional and Alternative Medicine Act of 1997'.

Sa pagtutuwang ng Lokal na Pamahalaan at ng pribadong samahan gaya ng PC3 bilang program platform ay nabubuhay ang participatory governance sa pagsusulong ng kagalingang pangkalusugan at pangkalikasan.

Binigyang-diin ni City Mayor Malou Flores-Morillo ang mga puntos kung bakit hindi ito nag-atubili na tanggapin ang nasabing programa, aniya akma ito sa tinatahak ng kanyang administrasyon na tiyaking malusog ang kanyang mga minamahal na kababayan habang kasabay nito ay niyayakap din ang kalikasan. Panawagan ng alkalde sa taumbayan na maging kaisa sa layunin ng pagbubuklod upang maging tuluy-tuloy ang tinatamasang tagumpay ng Lungsod ng Calapan.

Parte ng mahalagang okasyon ang isinagawang 'Paglagda sa Kasunduan ng Pakikiisa' na ginampanan ng mga kinatawan ng mga samahan at institusyon na kinabibilangan ng mga sumusunod: Hon. City Mayor Malou F. Morillo - City Government of Calapan, Ms. Myrna H. Jimenez - SARILAYA, Secretary General, Hon. Carmelita Mañibo - Barangay Bulusan, Hon. Jesusa Narsoles - Barangay Ilaya, Hon. Jerry Delos Reyes - Barangay Bondoc, Ms. Doris Melgar - PC3 President, Ms. Melanie Cabuhat - KALAPENYA President, Mr. Ed Dela Torre - PRRM, Mr. Lino Carandang - SALIKA General Manager, Ms. Annabelle Quitos - Calapan City Solo Parent Federation President, Ms. Mercy Gonzales - BNS Federation President, Ms. Yolanda Dapito - BHW Federation President.

Nagtapos ang programa sa pagsasagawa ng ceremonial planting ng nasa mahigit 50 uri ng medicinal plants sa paligid ng Bulusan Natures Park.

Inaasahan na maliban sa pangunahing layunin ng SARILINGAP para sa kalusugan at kalikasan ay aambag din ito sa paglago ng turismo sa Lungsod ng Calapan (Junard Acapulco/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM ISSN No. 2984-7249





TINGNAN: Nagsagawa ang Pamahalaang Panlalawigan ng Refresher Course para sa updating ng LPTRP ng Province of Oriental Mindoro na ginanap sa Tamaraw Hall ng Kapitolyo noong Hulyo 9.

Ang Local Public Transport Route Plan o LPTRP ay isang detalyadong plano ng route network, moda ng transportasyon at ang mga kinakailangan bilang ng unit na magbabyahe sa mga ruta ang mga nagbibigay ng land transport service na paunang kinakailangan upang mapagkalooban ng prangkisa ang mga public utility vehicle.

Bahagi ito ng Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP) na ipinatutupad ng Department of Transportation (DOTr).

Pangunahing sumailalim sa nabanggit na refresher course ang mga myembro ng Technical Working Group ng LPTRP ng lalawigan. Naging mga tagapagsalita naman sa gawain sina Project Evaluation Officer Jann Tubo ng DOTr Central Office at Transport Development Officer II Engr. Limuel Silva ng LTFRB MIMAROPA.


Matatandaan na noong Pebrero 19, pormal na nagkaroon ng turnover ng Oriental Mindoro LPTRP si Governor Bonz Dolor kay LTFRB Chairman Atty. Martin B. Delgra kaugnay ng Modern PUV Caravan na isinagawa sa Calapan City.

Sa buong Pilipinas, ang Or. Mindoro ang kauna-unahang lalawigan na nabigyan ng LTFRB ng notice of compliance at nakapagpaabruba ng LPTRP sa LTFRB na siya namang naging daan sa pagkakaloob ng mga prangkisa sa mga modernized PUVs sa lalawigan.

Pinangasiwaan ang aktibidad ng Provincial Planning & Development Office (PPDO) na pinammunuan ni PPD Coordinator Lydia Muneca S. Melgar. (PIO Calapan)








For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

Republic of the Philippines
REGIONAL ALTERNATIVE CHILD CARE OFFICE
MIMAROPA Region
168 Luna Mencia St., San Juan City

Email address: racco4b@nacc.gov.ph
Contact Nos: 0962-642-3652

IN RE: PETITION FOR ADOPTION OF
ZHAVIER CLEO BALBAIRA

DOMESTIC ADMIN
ADOPTION CASE NO: RACCO
MIMAROPA-DAA 2024-0049-
REL-017

MR. CHARLES RANDALL and MRS.
EVANGELINE BALBAIRA SMITH
1 July 2024

x--------------------------------------------------x

ORDER

A verified petition for the adoption of ZHAVIER CLEO BALBAIRA filed by the petitioners through the Regional Alternative Child Care Office (RACCO) praying that after due notice, publication and appearances, a judgment be rendered to the effect that ZHAVIER CLEO BALBAIRA be cleared and that the name of the child be changed particularly to appear as ZHAVIER CLEO BALBAIRA SMITH.

Finding the said Petition to be sufficient in form and substance, let the same be set for Mandatory Appearance on 30 July 2024 to be held at the RACCO MIMAROPA, 4TH Floor Textron Building, 168 Luna Mencias Street, San Juan City. Any interested party may appear and may file and opposition supported by evidence before the National Authority for Child Care (NACC), through the RACCO, where the petition was filed. The complaint will be subjected for verification and further investigation.

Let a copy of this Order be published at the expense of the Petitioner once a week for three (3) successive weeks in a newspaper of general circulation pursuant to Section 31 of R.A. No. 11642 or the Domestic Administrative Adoption and Alternative Child Care Act.

(SGD) CYRENE P. LUBRICO
Regional Alternative Child Care Officer

Copy furnished:

JANELLA EJERCITO ESTRADA
National Authority for Child Care
#2 Ermin Garcia Street Chicago Corner
Barangay Pinagkaisahan, Quezon City Philippines 1103

ELOISA FAJUTNAO
Office of the Municipal Social Welfare and Development
Mansalay, Oriental Mindoro

NERISSA QUINTINIO
Office of the Municipal Registrar
Roxas, Oriental Mindoro

The Tamarao Journal
July 08, 15 & 22, 2024

# MAYOR NG CALAPAN, NANGUNA SA PROGRAMANG PAGBIBIGAY NG LUPA SA MGA INFORMAL SETTLERS

PINANGUNAHAN ni City Mayor Malou Flores-Morillo ang isang makabuluhang programa na nagbigay ng 50 square Meter na lupa sa bawat benepisyaryo mula sa Barangay Camilmil at Sto. Niño sa Guinobatan Resettlement Area. Siyam (9) na benepisyaryo mula sa Barangay Camilmil at animnapu't isa (61) mula sa Barangay Sto. Niño ang nabiyayaan ng nasabing programa. Katuwang ni Mayor Morillo sa layuning ito ang City Housing & Urban settlements Department na pinamumunuan ni Engr. Redentor A. Reyes Jr.

Bukod sa lupa, binigyan din ang mga benepisyaryo ng P15,000 halaga ng materyales para sa panimula ng kanilang mga bahay. Hinikayat din ni Mayor Morillo ang bayanihan sa pagitan ng mga benepisyaryo upang mas mabilis at maging abot-kaya ang pagpapatayo ng kanilang mga bagong tahanan. Sa kanyang talumpati, ipinahayag ni Mayor Morillo ang kanyang magagandang plano at hangarin para sa ikauunlad ng lungsod at ng buhay ng mga Calapeño, na nagbibigay pag-asa at inspirasyon sa mga mamamayan (Jermae D. Tuyor/CIO).









# PATULOY NA 'SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY' NG CALAPAN LGU, ISANG HALIMBAWA NG MALASAKIT SA MAMAMAYAN

SA pangunguna ni City Mayor Malou Flores-Morillo, ang Lungsod ng Calapan ay patuloy na nagbibigay ng mataas na antas ng serbisyo sa mga mamamayan nito sa ilalim ng programang Serbisyong TAMA para sa Barangay noong ika-8 ng Hulyo, isinagawa ang Barangay Caravan sa Biga Elementary School, isang mahalagang inisyatibo na naglalayong magdala ng iba't ibang libreng serbisyo sa komunidad.

Sa nasabing aktibidad, pinangunahan ni City Administrator Ms. Penelope D. Belmonte at Serbisyong TAMA Center. Kasama rin niya sa pagtulong sina City Councilor Atty. Jel Magsuci, Chief of Staff Mr. Joseph Umali, Head of Barangay Affairs & Sectoral Concerns Mr. Jaypee Vega, dating Konsehala Ms. Mylene De Jesus, at Ms. Agatha Ilano.

Maraming mamamayan ang nakinabang sa Barangay Caravan, lalo na sa mga serbisyong medikal. Katuwang ang iba't ibang ahensya ng gobyerno, naging matagumpay ang programa sa pagbibigay ng libreng konsultasyon at gamot sa mga residente ng Biga. Hindi lamang serbisyong medikal ang kanilang natanggap kundi pati na rin ang iba pang mahahalagang serbisyo na handog ng pamahalaang lungsod.

Ang patuloy na pagsasagawa ng mga ganitong aktibidad ay nagpapakita ng tunay na malasakit at pagsusumikap ng pamunuan ng Calapan na matugunan ang pangangailangan ng kanilang mga mamamayan. Sa pangunguna ni Mayor Morillo, ang Serbisyong Tama ay nagiging instrumento ng pagbabago at pag-unlad sa bawat sulok ng lungsod.

Sa pamamagitan ng mga inisyatibong ito, ang Lungsod ng Calapan ay patuloy na magiging modelo ng mahusay na pamamahala at tunay na serbisyo sa bayan (Jermae D. Tuyor/CIO).



# THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 36 Jul. 15, 2024 - Jul. 21, 2024



MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013


# *MASAYA AT MAKULAY NA UMAGA SA BRGY. LAZARETO: ARTS & CRAFTS WORKSHOP AT BASIC READING ENHANCEMENT PARA SA MGA BATA*




ISANG masaya at makulay na umaga ang naganap noong ika-11 ng Hulyo sa Barangay Lazareto Reading Center. Dinaluhan ni City Mayor Malou Flores-Morillo ang isinagawang Arts and Crafts Workshop and Basic Reading Enhancement for Children. Katuwang ni Mayor Morillo sa makabuluhang aktibidad na ito ang City Public Library na pinamumunuan ni Ms. Claire P. Benter, RI, MLIS.

Animnapung (60) estudyanteng may edad anim hanggang labingdalawa ang aktibong nakilahok sa workshop. Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain tulad ng pagbuo ng mga sining at crafts, at mga aktibidad sa pagbabasa, naging makulay at masigla ang umaga ng mga bata.

Ang pagtutulungan ng pamahalaang lungsod at ng City Public Library ay nagresulta sa isang matagumpay na aktibidad na nagbigay ng ngiti at pagasa sa mga batang kalahok. Sa pagtatapos ng programa, ipinahayag ni Mayor Morillo ang kanyang pasasalamat sa lahat ng nag-organisa at nakilahok sa event, at nangakong patuloy na susuportahan ang mga ganitong uri ng programa para sa kapakanan ng mga kabataan sa Calapan City (Jermae D. Tuyor/CIO).

